

## Mga benepisyo ng paggamit ng *Natural Gas*

- **Malinis**

Ang *natural gas* ay tinaguriang *clean fuel of the future* dahil ito ay isang malinis na mapagkukunan ng enerhiya. I to rin ay tinatawag na *green fuel* dahil wala itong sangkap na *lead* o tingga na nakakasama sa kalusugan. Ang pagsunog nito (*combustion*) ay di nagdudulot ng labis na polusyon sa hangin na nakakasama sa kalusugan at kapaligiran.

- **Matipid**

Ang paggamit ng *natural gas* ay di hamak na mas makakatipid dahil ito ay mas mura kaysa *diesel*. Makakatulong ang paggamit ng *natural gas* upang mapalawak ang mga pinagkukunan natin ng enerhiya at di tayo labis na umaasa sa pag-angkat ng langis, krudo, at gasolina lamang.

- **Ligtas**

Ang paggamit ng *natural gas* sa sasakyan ay laganap na sa maraming bansa tulad ng America, Argentina, India, Korea, Malaysia at iba pa. Napatunayan na ang malinis at ligtas na paggamit nito.

### “Libreng Sakay sa NGV Program”

Ang gobyerno sa pamamagitan ng *Department of Energy* ay napaglaanan ng dalawang bus na gumagamit ng *compressed natural gas (CNG)* mula sa *India* at *Korea*. Ang mga bus na ito ay ipinahiram upang subukan ang kakayahan nito sa lokal na kondisyon ng transportasyon sa bansa.

Ang “*Libreng Sakay sa NGV Program*” sa ilalim ng *NGVPPT* ay naglalayun na maipakita ang mabuting pakinabang ng paggamit ng *CNG bus*.



CNG demo bus ng NGVI, Inc (Korea)



CNG demo bus ng Ashok Leyland (India)

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring sumulat o tumawag sa:

**Alternative Fuels and Energy Technology Division**  
Energy Utilization Management Bureau  
Department of Energy  
Energy Center, Merritt Road, Fort Bonifacio  
Taguig, Metro Manila  
Tel Nos. 840-2214, 8401401-20 ext. 209/242  
Fax No. 840-1401 ext. 346

August 2004

# NATURAL GAS

## ENERHIYANG LIKAS AT MALINIS

*Para sa maunlad at  
matatag na kinabukasan*




## Ano ang Natural Gas?

Ang *natural gas* ay isang *fossil fuel*, katulad ng langis at *coal*, na matatagpuan sa kalaliman ng lupa o dagat. Katulad ng hangin, ang *natural gas* ay walang kulay at amoy.

## Natural Gas sa Pilipinas

Ang Pilipinas ay mayroong napagkukunan ng isang likas at malinis na enerhiya: ang **NATURAL GAS**.

Ang malaking deposito ng *natural gas* sa Pilipinas ay matatagpuan sa kalalimang dagat sa hilagang baybayin ng Palawan.




Lay-out ng natural gas deposit sa Pilipinas

Sa kasalukuyan, ang *natural gas* sa Pilipinas na kilalang, *Malampaya natural gas* ay ginagamit na *fuel* para sa power generation na matatagpuan sa probinsya ng Batangas.

## Saan ginagamit ang Natural Gas?

Ang *natural gas* ay ginagamit bilang *fuel* sa mga sumusunod:

- *power generation plants*
- kagamitan pang industriya at komersyo katulad ng *heating (boilers, ovens)* at *cooling (aircon, chiller) equipment*, sa planta at *commercial buildings*,
- kagamitang pangluto sa bahay o sasakyan.



## Natural gas para sa transportasyon

Ang industriya ng *natural gas* ay unti-unting lumalago. Ang programang **Natural Gas Vehicle Program for Public Transport (NGVPPT)**, na pinasinayaan noong Oktubre 16, 2002, ay naglalayun na palaganapin ang paggamit ng *natural gas* sa mga pampublikong sasakyan, tulad ng bus, upang magamit ang ating sariling likas na enerhiya, makatulong sa pagtugon sa tumataas na halaga ng krudo, at mabawasan ang polusyon sa hangin.

Ang *Executive Order No. 290*, na nagpapatupad ng *NGVPPT*, ay nagtalaga sa *Department of Energy (DOE)* na maging pangunahing ahensya ng Gobyerno na magpa-unlad ng industriya ng *natural gas* para sa sektor ng transportasyon sa bansa sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng ibat-ibang ahensya ng pamahalaan, institusyon at pribadong sektor.

Sa kasalukuyan, ang bansa ay may labing-apat (14) na sasakyan na pinatatakbo ng *compressed natural gas (CNG)* o *natural gas vehicles (NGVs)* upang ipabatid na posible at maari tayong gumamit ng mga ito.